Siya si Ril

Sinopsis

Nakaikot ang kuwento sa isang baguhang guro na si Miss Morales at sa batang babaeng nagngangalang Ril, ang lived name ni Zoey Alexandra. Para sa batang si Ril, patay na si Zoey Alexandra. Bagay na ikinalilito ng mga tao sa paligid niya, bagay na nais unawain ni Bb. Morales. Isang araw, napansin ni Bb. Morales ang pagkalugmok ng batang si Ril. Pinatawag niya ang mga magulang nito. Doon niya napag-alaman na mayroong Stepmom si Ril, na piloto ang kanyang Tatay, na mayroon siyang Lola, na Alex ang tawag sa kanya sa kanilang bahay. Nagulat si Bb. Morales noog araw na sinundo si Ril ng kanyang Lola at sinabing magpapatingin ito sa doktor sa utak. Kinutya siya ng mga kaklase ngunit sa puntong iyon, alam ni Bb. Morales, na mayroon siyang dapat gawin, hindi niya alam kung ano o kung paano. Bumabagsak na si Ril sa kanyang acads at laging napapatawag si Miss Morales ng school admin dahil sa kanyang kakaibang paraan ng pagtuturo at pamamahala sa klase. Napag-alaman niyang kaya pala umalis ang dating guro ni Ril dahil nakaranas ito ng depresyon. Binalaan siya ng mga kasamahang guro na huwag masyadong makialam sa mental na kalusugan ng mga bata dahil baka pati siya magkasakit. Pagkatapos ng ilang araw, bumalik si Ril at agad na nanglibre ng sorbetes si Bb Morales upang ipagdiwang ang araw na ito. Wala siyang pakialam kahit hindi siya ma-renew sa susunod na taon. Ngunit ilang buwan ang nakalipas, binulaga sila ng mga palahaw mula sa ika-limang palapag. Ano ba ang puwedeng gawin ni Miss Morales bilang guro? May magagawa ba talaga siya para kay Ril?

Siya si Ril

Ayaw na ayaw niyang tawagin ko siyang Zoey Alexandra dahil ang pangalan niya raw ay Ril. Siya si Ril. Noong minsang tinawag ko siya sa kanyang legal na pangalan, hindi siya sumagot sa oral recitation. Nakapangalumbaba siya habang nakatingin sa labas, sa bintana. *Patay na si Zoey. Hindi ko kilala ang taong 'yan.* Ito ang sabi niya sa akin. May diin.

Kaya noong umabot sa akin ang balita tungkol sa nangyari sa isang nagngangalang Ril hindi ko agad naisip na baka si Zoey iyon na siya namang pangalang madalas kong nababasa sa aking class record. Hindi nga siya si Zoey. Kahit minsan Zoey nga ang pangalang naaalala at naitatawag ko sa kanya. Hindi siya lumilingon kapag tinawag mo siya sa buo niyang pangalan. Pinilit niyang baguhin ang identidad niya. O sabihin nating buoin ang kanyang pagkakakilanlan. Si Ril na hindi si Rilke Sebastian na anak ng kasamahan kong titser, hindi si Mariel na pinakamakulit sa klase ng Grade 10 Newton, hindi si Railey na may bughaw na mga mata, kundi si Zoey Alexandra, ang batang laging naka-jacket kahit saanman kami magkita. Nasa limang talampakan. Simputi ng bulak. May mga matang parang laging nagmamapa sa lupa, parang laging nabibigatang mag-angat ng mukha. Si Ril na si Zoey, si Zoey na si Ril pero hindi na nga siya si Zoey. Kaya ang pangalang Zoey ay isang pangalang matagal nang binaon ni Ril sa limot. *Dead name*.

"Hay naku! Ano ba 'tong mga batang ito! Paiba-iba ng pangalan. Parang hindi na nakontento sa binigay sa kanila!" bulalas ng katabing titser, si Mrs. Cuaresma. Siya ang pinakamatandang guro namin sa Edukasyon sa Pagpapakatao, naging guro pa siya ng co-teacher ko na si sir Florence noong haiskul. Single pa rin siya hanggang ngayon kaya inisip ko na lang na

baka nga ganoon talaga ang mga tao mula sa kanilang henerasyon masyadong estrikto at tradisyunal. Pero kahit makaluma ang paraan ng pagtuturo niya, sabi ni sir Florence, marami raw talaga siyang natutuhan.

Nagbuntonghininga ako bago nagsalita. Iniisip ko kung paano ako sasagot nang hindi nakakasakit o nakakabastos sa kanya, pero biglang sumabat ang PE titser na si Sir Florence.

“Ganyan na ang mga bata Ma’am. Kahit ‘yong isa nating estudyante, si Ayessa, naging si Sof, tapos ‘yang si Casanova naging si Cassy. Pati ‘yang si Pauline naging si George!” wika niya sabay kamot sa ulo.

"Sinabi mo pa. Tapos kapag sinaway mo sasabihan kang homophobic. Di na nakontento sa binigay na pangalan di pa nakontento sa binigay ng Diyos!"

“Kaya tuloy nakakalito na talaga sa pagrerekord ng iskor! Hahay buhay!” bulalas ni Mr. Santos, ang guro sa Araling Panlipunan.

“Dead name ang tawag diyan,” sagot ko sa kanila.

“Dead name? Patay na pangalan? Ano ‘yan? Ayaw ba nila sa mga pangalan na binigay sa kanila? E pagkaganda-ganda ng Pauline! Ng Bernadette! Bakit pa babaguhin?”

“E kasi naman po,” wika ni sir Florence na tila inako na ang responsabilidad na magpaliwanag sa aming pinakamagatandang guro sa faculty. “Yong mga bata, gusto nila ng sariling identity. Sila ang lilikha ng kanilang pagkatao, Ma’am. May mga identity crisis.”

‟Pakiramdam kasi nila minsan nasa ibang katawan sila,” sabat ko pa.

‟E anong katawan ang gusto nila? Katawan ng palaka?!” hirit ni Sir Dimagiba.

Nagtawanan ang lahat ng naroroon.

“Naku, baka pati relihiyon nila gusto nilang sila ang magdesisyon,’ sabat ni Sir Dimagiba. “Palibhasa e hindi nakakaramdam ng totoong krisis, palibhasa e mga anak mayaman, hindi nagkokomyut, kaya kung ano-ano ang naisasaksak sa kokote!” dagdag pa niya.

"Iba na ang panahon ngayon, may gender preference na, gender expression at gender identity!" sagot ko na noon at pinipilit pakalmahin ang sarili. May kung anong daluyong sa loob ko. Parang lumilikha ng ipo-ipo sa aking dibdib ang mga salitang narinig mula sa kanila. Parang balaraw iyon na tumutusok sa aking kalamnan.

“E wala naman ‘yan sa panahon namin,” wika ni Mr. Santos.

“Iyang LGBTQ+ na ‘yan, pampagulo lang sa utak ng bata!” dagdag pa ni Sir Dimagiba na noon ay kumakain na ng pananghalian kahit 10:30 pa lang nang umaga.

Nagpakawala na naman ako ng isang buntonghininga.

“Correct! Pati mental health break, wala rin sa panahon ko,” sabat ni Mrs. Malines na nagpakawala ng malutong na halakhak.

“Ang daming kaartehan sa buhay. E kung maka-Tiktok naman, kita na ang pusod at kaluluwa. Sagad!" dagdag pa ng babae habang kumakalikot ng selpon.

‟Dapat siguro maglabas na ng policy ang school na ito, private institution tayo. Hindi tayo rehabilitation center, kung may mental health concern ang mga anak nila, dapat papagpahingahin na nila sa kanilang bahay. Hindi tayo mga psychiatrist dito no,’ wika ni Mrs. Cuaresma

Sumabat na ako sa usapan.

“Ako naman po, iniisip ko na lang na nickname nila ang kanilang lived name pero kapag sa papel namin, nire-require sila na isulat ang kanilang totoong pangalan,” sagot ko.

“Aba dapat lang, no! Nasa institusyon pa rin tayo!” panapos na salita ni Mrs. Cuaresma na noon ay abalang-abala pa rin sa pagsulat ng lesson plan.

Tumango ang ibang gurong naroroon at bumalik na rin agad sa pagche-check sa sangkatutak na papel.

Nagpakawala ako ng isa pang buntonghininga saka tinapunan ng tingin ang mga papel na nakasalansan sa mesa. Tapos na ang exam week kaya di kami magkandaugaga sa pagwawasto ng mga papel. Ito na lang yata ang inatupag namin dito. Taga-sulat ng lesson plan, taga-compute ng grado, taga-gawa ng eksam, taga-check ng eksam. Paaulit-ulit. Parang ito na lang ang papel namin sa paaralan. Ewan ko ba, pakiramdam katabi ko ang mga kampon ni Satanas. Ang init. Tumayo ako at nilakasan pa ang aircon.

Kung bibigyan lang ako ng pagkakataon, baka kahit ako babaguhin din ang aking pangalang Catalina Rosario Peñafrancia S. Morales. Mas gugustuhin ko ang pangalang Ann o May. Madali lang isulat madali pang bigkasin. Pero wala rin naman akong magagawa, e ito na ang binigay ng inay at itay. Rehistrado sa PSA. Pero iba si Ril, at ang mga kahenerasyon niya. Matatapang. Matatalino. Mapanghimagsik. Gusto nilang pangalanan ang kanilang sarili.

“Ganyan po talaga ‘yan si Ril, sad boy!” wika ng kanyang seatmate na si Nica sabay tawa nang minsan kong itanong kung bakit biglang nagpaputol si Ril ng buhok. Bob cut. Wala akong narinig na sagot mula kay Ril. Hindi ko na rin siya nakikitang nakikihalubilo sa kanyang mga kaklase. Kahit sa mga group work. Bagay na ikinasakit ng ulo ni Sir Dimagiba at Ginoong Cuaresma. Pero siguro nga dapat kaming masanay na ganoon siya. Minsan kulay asul ang buhok, minsan kulay pula na matingkad na matingkad at minsan kulay lila, at minsan naman kulay mirasol. Minsan hindi siya magsusuot ng uniporme dahil lang ayaw niya. Hindi rin mapigilang

tumaas ang kilay ng ibang mga guro na naroroon. Maririnig mo sa kanila ang mga linyang *this is a God-fearing school, okay? Where are your manners? Wala ka bang takot sa Diyos?*

Bumalik sa dating kulay ang buhok ni Ril pagkatapos niyang magpaggupit nang ganoon kaikli. Nilapitan siya ni Ginoong Cuaresma at sinabing kung hindi siya mag-aayos dadalhin siya kay Ma'am D, ang aming school guidance. Magmula noon, madalas kong napapansin ang pagiging mapag-isa ni Ril, kahit pa ang totoo palagi naman siyang mag-isang talaga- sa library, sa canteen, sa halos lahat ng panahon. Pero kakaiba noong mga nakaraang araw. Parang laging may bigat sa bawat paghakbang. Ang kanyang ngiti ay tila patak ng ulan sa gitna ng tagtuyot. At tila naging trabaho para sa kanya ang pagsasalita. Lagi siyang tulala. Yong tipong hindi nadadakip ang diwa dahil laging lumilipad ang kanyang haraya, kahit hindi naman siya gumagalaw o natitinag.

Bagong guro lang ako rito. Nagsimula ako isang buwan na ang nakararaan. Umalis kasi ang dati nilang guro. Nagkasakit daw. Bilang bagong gradweyt at gusto ring magkatrabaho agad bago mag-eksam ng LET, nag-aplay na ako agad sa pribadong paaralan na ito na itinayo ng dalawang babaeng tsino na walang asawa't anak. Kako, biyaya ito ng langit. Mahalaga ang experience sa trabaho, puwede ko itong idagdag sa aking CV. Medyo malaki rin ang sahod kung ikukumpara sa ibang pribadong paaralan. Puwede na akong makatulong sa pamilya. May inflation at mahirap ang buhay. Kailangang kumayod agad pagkatapos makuha ang TOR at Diploma. Si Sir Florence lang ang nagsabi sa akin na may bakante sa paaralang ito. Magkakilala kami sa Facebook dahil pareho kaming mahilig sa mga libro. Hindi ko alam kung paano ko ilalarawan ang klasrum o ang buong paaralan pagdating ko sa lugar na ito. Parang libingan. Kahit maganda ang pasilidad, malinis at halata namang advanced ang mga kagamitan at estruktura. May elevator. May magandang library. Pero parang araw-araw may namamatay. Kita ko ito sa malungkot na mata ng mga bata. Parang walang mga kaluluwa. Walang sigla. Tahimik. Isang sagot isang tanong sa klase.

Walang naghahabulan o nagkukuwentuhan. Di tulad namin noong panahon ko. Paglapag ng bag sa desk agad naming pag-uusapan ang nangyari sa pinanood naming teleserye o maglalabas ng cards ang kaklase ko saka kami magpapakitaan ng mga stickers at iba pang bagong laruan.

Akala ko noon normal lang na napapagod ang mga bata sa kanilang gawain, kahit kami rin, napapagod. Marami silang gawain sa paaralan tulad ng Swimming sa PE, group projects, written output at iba pang extracurricular activities. Alam kong nakakapagod. Para kang dinaganan ng sampung ten-wheeler truck. Pero hindi ba't hindi naman madali ang lahat ng bagay? Pero para sa ibang mga katulad ni Ril, mahirap ang magsulat sa notbuk, mahirap makipag-usap sa katabi, nakakapagod gumalaw o kumain, o kahit na mag-isip. Para sa kanya, mahirap gawin ang huminga, oo, kahit ang huminga. Kaya minabuti kong hindi na magbigay ng assignment sa kanila para kahit papa'no makahinga ang kanilang utak.

"Miss Morales, I have been receiving a lot of negative feedbacks from our parents, hindi ka raw nagbibigay ng mga readings sa mga bata, palagi kang nakokompara sa kanilang dating teacher." Parang mga mabibigat at pinong patak ng ulan ang salita ng aming school admin, nang minsang pinatawag niya ako sa kanyang malamig na opisina na punong-puno ng mga santo at santa. Lalo pang sumingkit ang kanyang mga mata. Aniya, bumababa raw ang kalidad at standard ng paaralan dahil sa mga pinagagawa ko sa klase. Naulanan ako ng sermon. Mahapdi sa balat. Tumatagos sa buto. Humingi ako ng paumanhin. Natakot din akong matanggal sa trabaho.

"At ano to? Yoga, Zumba? Nagtuturo ka ng panitikan. Anong kinalaman niyan sa mga tula?"

Tumahimik ulit ako. Hindi ako nagsalita at nagpasalamat na lamang bago umalis. Paano ko sasabihin ang aking mga personal na dahilan. *Kailangan ho ng mga bata magrelax, magreflect,*

*magmeditate.* Trabaho ko ito, mahalaga ang sinasahod ko rito. Pambayad ko rin sa review center, pambili ng sunscreen sa Watson, pangkain, pambayad ng koryente sa bahay. Pero pakiramdam ko may kailangan akong gawin para kay Ril, para sa mga katulad niyang pagod na. Pero bago ako umalis, binigyan ako ng payo ng may-ari ng paaralan.

"Kung gusto mong magtagal, huwag kang ma-attached sa mga bata. Work professionally and please, follow the curriculum," dagdag pa niya.

Sa bawat grades deliberation iisa pa rin ang problemang lumilitaw sa aming mga meeting at emergency meeting- mental health. Mga batang nagseself harm,  mga batang inuuntog ang ulo sa pader kapag naiistres at napepresyur sa mga eksam, mga batang hindi nagsasalita sa klase, mga batang katulad ni Ril.  Noong isang araw nakatanggap kami ng liham na na i-pu-pull-out na sa paaralan si Bella ng kabilang section dahil nangangamba ang kanyang magulang sa kanyang kalusugan. May ibang mag-aaral na hinome-school ng Mommy at Daddy para matutukan, at iyong iba naman, sinusugod sa ER. Pero nagpapatuloy pa rin kami rito. Nagkukunwaring normal lang ang mga nangyayari. Buhay na Patay. Patay na buhay.

"Ano ba ang problema?" tanong kay Ril nang minsang kinausap ko siya pagkatapos ng klase. Hindi niya sinagutan ang quiz kanina. Kami lang sa loob ng faculty pero wala siyang sagot. Nakayuko siya. Lagi siyang ganoon kahit sa klase. Hindi mo makikitang bubuka ang kanyang bibig. Parang wala sa kasalukuyan. Ako ang nagsalita sa loob ng dalawampong minuto, ang sampong minuto ay para sa katahimikan sa pagitan naming dalawa. Lahat na yata ng motivational quotes at jokes nailabas ko na no'ng araw na 'yon. Pero wa epek. Hindi epektibo ang positive reinforcement sa lahat ng panahon. Iba pa rin pala ang teorya sa praktika. Ilang taon kong inaral kung paano maging guro, pero iba pa rin sa tunay na buhay, sa tunay na paaralan kapag totohanan na. Tinapos namin ni Ril ang usapan nang walang napag-uusapan.

Patuloy sa pagbulusok ang mga grado ni Ril, pero hindi siya naapektuhan nito. Wala siyang pakialam sa *card giving day*. Pakiramdam ko sa mga panahong iyon, hindi ako makapasok sa mundo niya, masyadong matibay at mataas ang pader na kahit gumamit ako ng hagdan hindi ko puwedeng akyatin. Parang nilagyan niya rin ito ng *electrical wire*. Parang lagi iyong *beware high voltage* o isang pribadong teritoryo na ang nakapaskil ay *no trespassing*. Ayaw niyang pahawak. Parang mga cactus na may tinik, parang isang lamang dagat na kapag hinawakan biglang lalabas ang matutulis na mga balahibo, magiging parang espadang pangdepensa, laging may mekanismo upang protektahan ang kanyang sarili.

Kinukumusta ko siya araw-araw. Hindi ko alam kung bakit ko ito ginagawa. Kung titingnan ang kalagayan namin sa buhay, alta-sosyudad si Ril, samantalang ako, isang hamak na guro lang na itinaguyod ng iskolarsyip ang pag-aaral. Bakit ba kailangan kong problemahin ang mga batang ito kung may mga magulang naman silang mayayaman. Pero hindi ako tumigil. Isang beses, nagsalita siya. "I don't want to be here anymore," wika niya sa akin. Nakatingin sa mata ko. Tinapik ko ang likod niya. Pagkatapos no'n, pinabalik ko na siya sa kanyang klase at pinaalalahanang kung kailangan niya ako, nandito lang ako para sa kanya. May diin sa salitang ako, at dito.

Akala ko makakatulong ang pagpapatawag ko sa kanyang mga magulang noong araw din na 'yon. Walang sagot mula sa email kaya nagpadala ulit ako ng mensahe sa FB at sa messenger. Hindi ko intensiyon na ipahiya si Ril, ang kailangan kong malaman bilang tagapayo niya ay kung anong klaseng pamilya o tahanan mayroon siya upang mas maunawaan ko ang lahat.

"Huwag kang masyadong makialam diyan sa mga kaso ng mga bata, umalis ang dati nilang titser dahil nabaliw," wika sa akin ni Sir Florence habang ngumangatngat ng corn dog noong nagkita kami sa isang *coffeshop* sa Diliman.

"Diyos ko day, mahal ang magpa-therapy o doktor. Don't try it!" dagdag pa ng isa.

"Paano bang nabaliw?" usisa ko.

"Ay Day, nahirapan ng makahinga at nagdedelulu na!" wika ni Si Florence.

Pero may kung anong pwersang nagtutulak sa akin upang pasukin ang mundo ni Ril. Sino ba naman ako para ungkatin ang ganitong mga isyu sa buhay ng aking mga mag-aaral. Oo pangalawang tahanan ang paaralan pero hindi ako pangalawang magulang. Baka nga hindi kanlungan ang tingin nila sa klasrum kundi impyerno. Sa totoo lang hindi sapat ang aking papel upang panghimasukan ang kanilang mga buhay, ang buhay o sekreto ni Ril. Pero ang alam ko, may kailangan akong gawin.

Sunod-sunod na pagkatok ang bumulaga sa akin nang ipatawag ko ang legal guardian ni Ril. Tumambad sa akin ang isang babaeng parang modelo ng isang brand ng pampaputi. Balingkinitan ang katawan at branded ang bag, may kulay pulang takong at malalaking hikaw at polseras na kumikinang.

"Upo po kayo," paanyaya ko sa panauhin.

Nag-alis ng shades ang babae.

"Ako po si Ms. Morales. Ang nag-email sa inyo. Ako po ang class adviser ni Ril," wika ko sa babae ngunit parang wala itong narinig.

Tiningnan ako ng babae mula ulo hanggang paa. Alam ko ang nasa isip niya. Masyado akong bata para maging tagapayo ni Ril.

"Ma'am, kumusta po si Ril sa bahay?" agad kong tanong. Parang jeep na walang preno. Kahit hindi pa man nakakapagpahinga ang babaeng nasa aking harap-may mapulang labi, makapal

na pilikmata at perpektong hubog ng ilong. Umaalingasaw pa rin ang pabango nitong medyo masakit sa ilong.

"Ang ibig ko pong sabihin, si Zoey," paglilinaw ko.

"I am Lea. Hindi ako ang Nanay niya. Stepmom niya ako, di kasi makakapunta ang Daddy niya. And her Lola is too weak for this," wika ng babae. Inilibot nito ang tingin sa aming faculty room.

Pinamulahan ako ng mukha sa pagkapahiya. Humingi ako ng paumanhin sa aking kaharap. Bakit ngayon ko lang napansin na hindi nga kamukha ni Ril ang babaeng ito. Agad kong tinanong si Ms. Lea, kung saan nakatira si Ril. Napag-alaman kong bumalik ito sa kanyang Lola. Dati kasing nasa pangangalaga ng tito niya si Ril, ito ang malapit na pinsan ng kanyang ina. Namatay pala ang kanyang ina dahil sa paglubog ng barko noong limang taong gulang pa lang siya. Field researcher ang kanyang ina sa Palawan. Hindi ko alam kung ano ba ang dapat kong maramdaman para kay Ril.

"At. Alex po ang tawag namin sa kanya sa bahay, not Zoey, not Ril," dugtong pa ng stepmom ni Ril.

Hindi ko alam kung tama bang magkuwento sa mga taong ito tungkol kay Ril. *Sa Ril namin*. Hindi nila kilala si Ril. Ang kanyang mga mata ang nagsasabi sa aking dayo ang babaeng ito sa kanyang buhay. Pero kahit ako ay estranghero rin sa kanya. Walang maikuwento si Ms. Lea tungkol kay Ril. Ang sabi ko na lang kailangan ni Ril o ni Zoey o ni Alex ng pagmamahal at atensyon dahil nakakapangamba ang kanyang pangangayayat at pamumutla, maging ang kawalan niya ng gana sa paaralan. Natawa bahagya ang babae sa aking harapan at sinabing ipapaabot niya ito sa Daddy ni Ril.

“Ma’am Catalina, actually, lahat ng luho binigay ni Alexander sa batang ‘yan. Kahit anong request. Mag-cosplay, pumunta ng Disneyland, manood ng concert ni Taylor Swift. Things like, iPhone, iPad, macbook, aircon room, pagkain, lahat. Her father is a pilot, kinda busy man, but believe me, we care for Alex,” wika niya at nagpahid ng alcohol sa kamay.

“Alam niyo po ba na may mga deep cut si Alex sa wrists niya?” tanong ko sa kalmadong boses, pilit pinapahupa ang daluyong na namumuo ulit sa aking dibdib. Kahit ako, hanggang ngayon di makapaniwala na sinasaktan niya ang kanyang sarili. Pero napakakalmado ng aking kaharap. Walang anomang bahid ng pag-aalala ang nagmarka sa kanyang makinis na mukha.

“Sometimes, Ma’am Catalina, it’s just a drama. Teenager thing. Gen Z stuff,” wika niya habang inilalabas niya ang isang malaking pamaypay. Pinaypayan ang sarili. Nagsisimula nang pumatak ang pawis sa noo.

“Pero Ms. Lea, hindi po iyon dapat ginagawa,” dagdag ko pa.

“Basta ang sinabi ko sa kanya, it is okay to cut herself, basta dapat huwag siya magbigti o magbaril.”

Natigalgal ako sa narinig. Napakagat ako ng labi. Anong klaseng mga tao ang nakakasama ni Ril sa bahay nila?

Nagpakawala ako ulit ng isang buntonghininga at sinabing babalitaan ko kung ano ang progress ni Ril sa kanyang acads o sa kanyang buhay.

Hindi lang sa basic ed bumagsak si Ril, bumaba rin siya sa kanyang arts class kay Sir Jerry. Sabi ni Sir, hindi na siya nagpipinta, hindi pumapasok at kung pumapasok man laging natutulog. May mga pagkakataong guguhit siya at lilikha pero puro dark concept at disturbed images lang

naiisip nito. Madalas hindi nababagay sa theme o sa teknik na kanilang pinag-aaralan. Isang beses namarkahan ni Sir Jerry ng “very disappointing, very bad” ang kanyang kanbas dahil sa walang saysay na imahe lang ang makikita rito. Walang direksyon. Minsan mga bungo na may lumuluwang uod. Humihiyaw ang kanyang mga debuho, parang mga nakakulong na imahen. Nabubulok. Hindi makawala.

Sa klase namin nakabuo ng isang tula si Ril,

*Hindi makahinga*
*Sa pagitan ng mga rehas*
*Gustong kumawala sa tanikala*
*Wala itong lunas.*

Ilang linggo pagkatapos ng aming pag-uusap ng Stepmom ni Ril, pumunta ang lola niya upang kunin siya at sinabing ipapatingin siya sa doktor. Pansamantala kong itinigil ang pagtalakay tungkol sa tula nang bigla kong makita ang isang babaeng simputi ng papel. Hinahanap ang isang nagngangalang Alex. Nahihirapan ng maglakad ang kanyang Lola. Iika-ika ito at nanginginig ang labi kapag nagsasalita. Nabanggit nitong siya ang pumunta sa paaralan dahil ayaw nang pumunta sa paaralan ng kanyang Stepmom. Nakayuko si Ril habang kinukuha ang bag mula sa kanyang upuan. Hindi siya nagpaalam. Napuno ng bulungan ang buong klase. Baliw pa ang salitang ginamit ng kanyang ibang kaklase upang ikuwento ang kanyang pinagdadaanan. Agad kong iwinasto ang kanilang iniisip.

*Stop gossiping. Lahat tayo may pinagdadaanan. Be good. Be kind*.

Biglang tumahimik ang paligid. Dito ako mas nalugmok. Wala nang Nanay si Ril pero wala pa siyang tunay na kaibigan. Paano ko ba dapat harapin ang hinaharap ni Ril? Paano ko siya tutulungan? Yakapin siya sa dilim? Maging malungkot kasama niya?

Makalipas ang tatlong linggo, nag-abot sa akin ng medical certificate ang Lola ni Ril na puwede na siyang pumasok ulit sabi ng kanyang doktor. Masaya akong makita ulit siya sa klasrum suot ang kanyang uniporme. Sa pagkakataong ito, nagpakulay siya ulit ng buhok. Kahit bawal sa paaralan. Tumingin siya sa akin pagpasok sa klasrum pero mailap. Parang nangingilala ulit ang mga matang iyon.

"Saan ka galing?" narinig kong tanong ni Nica, seatmate niya.

Narinig kong nagsalita nang mahina si Ril.

"Sa doktor ko. Puting kuwarto. Malambot na upuan. Maliwanag. It's pretty nice there," sagot niya at kumuha ng kanyang kambas at mga pangkulay.

Tumahimik ang lahat. Si Ril lang ang gumagalaw.

Nagpadeliber ako ng ice cream sa klase pagkatapos ng aming oral recitation. Libre para sa lahat ng mag-aaral. Kakasuweldo ko lang.  Biniro ko sila na birthday ko kaya may pa-ice cream. Sumigla ang mga bata, lahat nagtatatalon sa labis na saya. Sa unang pagkakataon nakita ko rin si Ril na nakangiti ng abot-tenga. Kumislap ang kanyang mga mata habang kumakain ng ice cream. Noon ko lang din siya nakitang ganoon kasaya magmula noong nagtransfer ako rito. Siguro paborito niya ang flavor na ube. Sa lahat kasi ng flavor na naroroon, ito lang ang kinuha niya. Inubos ng mga bata ang vanilla, mocha, durian, at rocky road.

May kantahang nangyari, may kuwentuhan at asaran. Wala na akong pakialam kung puntahan man ako ng school admin at muli akong pagalitan dahil sa *misbehavior* ng aking klase. Puwede akong maghanap ng ibang trabaho kung tatanggalin nila ako. Mauunawaan naman siguro ako ni Nanay at Tatay. Ang mahalaga sa akin, ang ngayon. At habang tinitingnan ko si Ril mula sa aking desk, hindi mahahalatang mabigat ang kanyang dinadala o dinaramdam. Para lang siyang

isang normal na bata na may gusto at ayaw, tulad ng ibang batang nagmamaktol pag walang kalaro. Isang batang madali lang pasayahin. Pero kapag tiningnan ka niya pabalik, kapag nagkasalubong ang inyong mga mata, makikita mo sa kanyang mga mata ang tila napakalalim na balon ng lungkot, nilulumot, malalim, madilim, mahirap maarok kung ano ang laman.

Pagkatapos ng pa-ice cream nagpakuha kami ng larawan ng buong Grade 9. May wacky at selfie. Alam kong ipopost iyon ng mga kaklase niya sa facebook at Instagram at paniguradong maglalagay din sila ng hashtag. Puno ng tawanan ang klase hanggang maghapon. Sumayaw pa ang ibang mga bata para raw sa kanilang reels sa Tiktok. Buti ako pa rin ang kanilang last period, hinayaan ko silang mag-aliw. Lumapit si Ril sa akin, at ngumiti nang kaunti bago nagpaalam.

"Kumusta ka na?" tanong ko sa kanya habang nililigpit ang mga baso at kutsara.

Ngumiti siya at tumango. Tuluyan siyang umalis nang nakayuko.

Nagpatuloy ang araw ko bilang guro, hindi lingid sa kaalaman ko ang bulong-bulungan na hindi na ako kukunin bilang titser sa susunod na taon.

"Oh Day, kapag ikaw nawalan ng trabaho saan ka pupulutin," pabirong sabi ni sir Florence. Pero seryoso ang kanyang mukha.

"Sa bagay, matalino ka naman, Cum Laude, maraming mag-aagawan sa iyo" dagdag pa ni Miss Malines.

"Baka ikaw na naman magkasakit niyan ng mental-mental health ha," huling hirit niya.

Nagkibit-balikat lang ako sa aking narinig. Dumaan ulit ang eksam week. Ilang araw na lang, Sports Fest na. Masaya ang mga bata. Marami raw silang sasalihan tulad ng cheering squad at Larong Pinoy. Abala sa pagkakabit ng banderitas ang mga school maintenance. Kuntodo praktis

naman sina Mrs. Dimagiba at Sir Florence sa kani-kanilang klase para sa The Singing Kids competition. Ngunit isang araw, habang nasa faculty ako at nagrerecord ng mga iskor, agad akong tinawag ni Mrs. Cuaresma. Nanginginig ang kanyang boses.

“Si Zoey!” bulalas niya sa akin.

Ilang segundo po ang nakalipas bago ko maunawaan ang sinabi niya. Wala akong kilalang Zoey.

“Si Ril. Yong estudyante mo!” sigaw niya ulit.

Hindi pa man niya nasasabi kung sinong Ril. Si Rilke ba o si Marielle. O kung sino mang Ril sa iba pang section sa ibang mundo sa ibang uniberso, alam kong si Ril iyon. *Si Ril namin.* Agad kong nabitawan ang hawak na papel at ballpen. Dali-dali akong lumabas sa faculty.

Hindi ko alam kung paano ko tinungo ang 5$^{th}$ floor mula sa 3$^{rd}$ floor. Ang alam ko lang ay halos hindi sumayad ang paa ko sa lupa. Para kong nilipad ang ikalimang palapag. Pagdating ko kumpulan ang mga tao, iyakan, anasan, sigawan.

“Si Ma’am! si Ma’am!” wika ng isang bata saka lumapit sa akin.

“Maaaaaaaaaaaaaaam!” bulalas ng mga batang babaeng. At umagos ang kanilang luha.

“Si Ril po, si Ril!” bulalas ng isa pang bata na naroroon. Biglang pumunta sina Sir Dimagiba at sir Florence saka pinabalik sa kanilang mga klasrum ang mga batang kanina pa aligaga at namumutla.

Agad akong nilapitan ng guwardiya. Namumula rin ang kanyang mga mata.

“Ma’am, bigla na lang po e, sana di ako masisante nito,” wika niya saka napakamot ng ulo.

Hindi ko mapigilan ang pag-agos ng luha sa aking mga mata. Nagsipag-iyakan ang mga guro sa aking likuran.

“Diyos ko kay bata pa,” bulalas ni Mrs. Cuaresma na biglang nahimatay kaya inakay ng ibang mga kasamahan pababa.

“Walang takot sa Diyos,” sabat naman ni Ms. Malines saka nag-sign of the cross.

Nanginginig ang tuhod ko habang lumalapit sa may bakal na harang. Nanginginig din ang aking kalamnan. Sa di kalayuan nakita ko ang isang upuan sa tapat ng harang. Paghawak ko sa malamig na bakal, malamig na hangin ang yumakap sa akin. Lumipat ang lamig nito sa aking katawan nanoot sa aking buto. Nagpabigat ito sa aking paghinga. Animo’y may bakal sa aking mga paa. Napapikit ako at tumingala sa langit, saka nagmulat. Nagbaba ako ng mukha. Pagdungaw ko sa ibaba bumulaga sa akin ang lasog-lasog niyang katawan, ang basag na bungo. Naliligo siya sa sarili niyang dugo. Para pa rin akong nakatunghay sa isang balong malalim, na hindi ko maarok kung ano ang laman at loob. Nagkumpulan din ang mga tao sa baba. Agad na nilapitan ng mga pulis ang katawan niya. Nilagyan agad ito ng kordon. Hindi pinalapit ang mga tao. Gaya sa mga pelikula, nahuli ulit sila ng dating. Nahuli ulit kami. Ako. Ng dating.

Saka ko napansin, kulay lila pala ngayong araw ang sapatos at medyas niya, singkulay ng kanyang buhok. Tanaw ko rito ang kanyang kulay lila na hairband, kasing tingkad ng sorbetes na ube noong nakaraang araw. Tumitingkad ito mula rito sa ika-limang palapag. Nagmamapa ang kanyang dugo sa lupa. Patak-patak.

Tiyak ko iyon nga si Ril. Siya si Ril. Bahagyang nakangiti ang kanyang labi, nakadilat ang kanyang mata. Nakatingin sa amin.